

PIVOT^{4A} LEARNER'S MATERIAL



GRADE 1 - MAPEH (Arts)



QUARTER 3

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

MAPEH (Arts)

Unang Baitang

Job S. Zape, Jr.
PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Waltan Taikun O. Taccad
Content Creator & Writer

Eugene Ray F. Santos & Arthur M. Julian
Internal Reviewer & Editor

Ephraim L. Gibas & Katrina Marie C. Unida
Layout Artist & Illustrator

Jeewel L. Cabriga, Alvin G. Alejandro & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Ephraim L. Gibas
IT & Logistics

Maria Christina A. Pangan, Komisyon sa Wikang Filipino
External Reviewer & Language Editor

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

Gusto mo bang makalikha ng isang larawan? Ano-ano ang mga bagay na ginagamit upang makalikha nito? Paano nagkakaroon ng marka ang isang bagay upang makabuo ng iba't ibang hitsura ng larawan?

Sa araling ito, matutukoy mo ang pagkakaiba ng imprenta o larawang itinatak sa larawang iginuhit o ipininta. Malalaman mo rin ang iba't ibang paraan ng paglikha ng larawan, at pati na ang mga kasangkapang ginagamit dito. Masdan ang mga larawan sa ibaba. Alin kaya rito ang larawang iginuhit ng kamay? Alin naman ang larawang gawa ng ibang bagay?



May iba't ibang paraan ng paglikha ng isang larawan. Maaari kang gumuhit gamit ang lapis at papel upang bumuo ng iba't ibang hugis. Ang lapis ay nag-iiwan ng marka sa papel upang maiguhit ang nais mong larawan. Maaari mo rin itong kulayan gamit ang pangkulay tulad ng krayola. Ang tawag dito ay **pagpipinta**.

Mayroon ding mga larawang nalilikha gamit ang iba't ibang bagay tulad ng kahoy, goma, prutas, o maging ang iyong mga daliri. Lalagyan ito ng tinta o pangkulay at ilalapat sa papel, tela, o pader upang mag-iwan ng kulay o marka. Ang tawag rito ay pagtatatak.



Upang makalikha ng isang larawan, ang isang bagay ay kinakailangang mag-iwan ng nakikita at nagtatagal na marka sa isang bagay. Ito ay tinatawag na **imprenta** na ang isang larawan o marka ay itinatatak ng isang bagay na may pangkulay sa isang malinis o patag na bagay. Narito ang isang halimbawa ng paggawa ng imprenta.

Mga kailangan:

kalahating baso ng tubig


isang kutsara ng lupa/kape

papel

pambura ng lapis

Mga Hakbang:

1. Paghaluin ang tubig at lupa o kape sa baso.
2. Isawsaw ang pambura sa baso.
3. Bumuo ng kahit anong larawan sa pamamagitan ng pagdadampi ng basang pambura sa papel.
4. Ipagpatuloy ang mga unang hakbang hanggang makabuo ng larawang nais.








Maaari ka pa ring lumikha ng sining kahit wala kang lapis, papel, o iba pang kilalang gamit pansining. Ang iba't ibang bagay sa paligid ay maaaring gamitin sa pagguhit o pag-imprenta.

Mga Hakbang sa Paggawa:

1. Maaari mong pigain ang iba't ibang uri ng dahon bilang pangkulay ng luntian.
2. Maaari mong gamitin ang dagta ng puno bilang pangkulay ng pula.
3. Ang katas ng iba't ibang prutas ay nakapagdudulot ng iba pang mga kulay.
4. May mga bagay na maaaring ihalo sa tubig upang gumawa ng pampinta, tulad ng lupa, pulbo, at tinta ng pusit.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan ng tsek ✓ kung ang bagay ay nakalilikha ng guhit, marka, o larawan sa isang papel. Lagyan naman ng ekis ✗ kung ito ay hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

<p>1. lapis</p> 	<p>2. kahon</p> 
<p>3. tela</p> 	<p>4. pintura</p> 
<p>5. krayola</p> 	<p>6. papel</p> 

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Basahin ang sumusunod na mga paraan sa paglikha ng marka. Isulat ang letrang “I” kung ito ay halimbawa ng imprenta. Isulat naman ang letrang “G” kung ito ay halimbawa ng pagguhit. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Paglikha ng isang larawan gamit ang lapis
2. Pagdampi ng kahoy na may dagta sa papel
3. Paggamit ng bolpen upang lumikha ng marka sa tela
4. Pagsawsaw ng daliri sa tinta at paglapat nito sa dingding
5. Pagkulay sa pader gamit ang pintura
6. Pagdiin-diin ng uling sa iba’t ibang bahagi ng papel

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa gabay ng iyong kasama sa bahay, iguhit ang larawan sa ibaba gamit ang lapis at papel.



Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

Malinis ang pagkakaguhit sa papel	5 pts.
Magkatulad ang iginuhit sa larawan sa itaas	5 pts.
Kabuoan:	10 pts.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Pagsunod-sunurin ang mga hakbang sa pag-imprensa. Lagyan ito ng bilang 1 hanggang 4 na ang 1 ang unang hakbang at ang 4 ang huling hakbang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- A. Ipagpatuloy ang mga hakbang na ito hanggang makabuo ng larawang nais.
- B. Bumuo ng kahit anong larawan sa pamamagitan ng pagdadampi ng basang pambura sa papel.
- C. Isawsaw ang pambura sa baso.
- D. Paghaluin ang tubig at lupa o kape sa baso.

A

Punan ang mga patlang ng wastong salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin. Pumili ng sagot sa kahon at isulat sa sagutang papel.

Mahalagang matutuhan ang pagguhit at pag-imprensa. Ito ang dalawang pangunahing paraan upang makalikha ng isang _____. Sa paraang ito, maaari mong ipahayag ang iyong kaisipan at _____, nang hindi kailangang magbigkas o sumulat ng kahit na anong _____.

larawan	nararamdaman	salita
---------	--------------	--------

Hugis at Yari ng Imprenta

Aralin

I

Ano ang mga larawan na kayang gawin ng imprenta? Ano-anong mga disenyo ang maaaring likhain gamit ang iba't ibang bagay? Paano mapapaganda ang isang imprenta?

Sa araling ito, mailalarawan mo ang mga hugis, tekstura o pagkakayari ng imprenta, gamit ang iba't ibang bagay sa kalikasan o mga bagay na gawa ng tao.

Tingnan ang mga larawan ng iba't ibang bagay sa ibaba. Maaari ba itong gamitin sa imprenta o pagtatak ng marka? Bakit o bakit hindi? Ano ang kanilang pagkakapareho?



Tama! Ang mga ito ay maaaring gamitin sa pagtatak ng imprenta. Ang bawat isa ay may panig na maaaring lagyan ng pangkulay at ilapat sa isang bagay na patag.

Ang mga bagay sa paligid ay may kani-kaniyang laki, lapad, hugis, anyo, at tekstura. Ang **tekstura** o *texture* ay ang hitsura at kalidad ng panlabas na anyo isang bagay. Matutukoy ito sa pamamagitan ng pagsuri, pagdama o paghawak sa isang bagay. Ang mga halimbawa ng tekstura ay makinis, magaspang, malambot, matigas, patag o hindi patag.







Maaaring maipakita ang laki, hugis, lapad, o tekstura ng isang bagay kung gagamitin ito sa pag-impenta. Kung lalagyan ng pangkulay ang isang panig nito bilang pantatak, mapapanatili ang mga karakteristikong ito sa impenta.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang **TAMA** kung ang salita ay tumutukoy sa tekstura o *texture* ng isang bagay. Isulat naman ang **MALI** kung ang salita ay hindi tumutukoy sa tekstura o *texture* nito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- | | |
|-------------------|----------------|
| 1. maraming kurba | 5. madilim |
| 2. mabango | 6. lubak-lubak |
| 3. tusok-tusok | 7. tahimik |
| 4. matamis | 8. pantay |


Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Lagyan ng tsek ✓ kung ang bagay sa larawan ay may makapagtatatak ng hugis o yari nito. Lagyan naman ekis ✗ kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

<p>1. dahon</p> 	<p>2. mansanas</p> 	<p>3. bola</p> 
<p>4. bunot</p> 	<p>5. upuan</p> 	<p>6. bombilya</p> 

Kung lalagyan ng pangkulay at gagawing pantatak ang isang panig ng kahit anong bagay, ang kanilang mga likas na ukit o kurba ay maaaring makapagdulot ng kani-kaniyang guhit, marka o disenyo sa imprenta.


Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Ilarawan ang resultang imprenta ng sumusunod na mga bagay batay sa hugis at tekstura nito. Piliin ang mga paglalarawan sa loob ng bawat kahon at isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. kahon



- A. parihaba
- B. kuwadrado

2. bote



- A. tatsulok
- B. bilog

3. rambutan



- A. magaspang
- B. makinis

4. balahibo ng manok



- A. isang guhit
- B. maraming guhit

E


Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sundin ang sumusunod na mga hakbang sa pag-impenta sa tulong ng iyong magulang o nakatatandang kasama sa bahay.

Mga kailangan:

Mga bagay na may patag na bahagi
lapis at papel

Mga Hakbang sa Paggawa:

1. Humanap ng bagay na mayroong patag na bahagi.
2. Ilapat ang patag na bahagi nito sa papel.
3. Sundan ang hugis ng bagay na ito sa pagguhit gamit ang lapis.
4. Gumuhit ng larawan sa loob ng markadong bakas na iyong nalikha.



Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

Nakasunod sa pamantayan	5 pts.
Malinis ang nagawang markadong bakas	5 pts.
Kabuoan:	10 pts.

A

Punan ang mga patlang ng wastong salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin. Pumili ng sagot sa kahon at isulat sa sagutang papel.

Ang bawat bagay ay may iba't ibang laki, lapad, hugis, anyo, o _____. May mga bagay na may likas na ukit o kurba sa ilang bahagi nito, na maaaring mapanatili sa _____. Mas mapapadali ang _____ ng hitsura ng isang bagay gamit ang pagbabakat at imprenta.

imprenta

pagkakayari

pagkopya

Pagtatak Gamit ang Kamay

Aralin

WEEK
3

I


Nasubukan mo na bang magkulang gamit lamang ang iyong kamay? Ano-ano ang mga disenyo o larawang iyong mabubuo sa pamamagitan nito?

Sa araling ito, makalilikha ka ng imprenta sa pamamagitan ng paglagay ng pangkulay sa iyong kamay, daliri, palad o iba pang bahagi ng iyong katawan, at paglalapat nito sa papel, tela, pader, o sahi.

Narito ang isang halimbawa upang makalikha ng imprentang tulad ng mukha ng tao.

Mga kailangan:

basang tela na hindi maliwanag ang kulay
pulbo o arina




1. Kumuha ng malinis at basang tela na hindi maliwanag ang kulay (halimbawa: itim, pula, kayumanggi, kahel, bughaw, luntian).
2. Budburan ng pulbo o arina ang iyong mukha o ng ibang tao. Siguraduhing nakapikit ang mga mata at nakatikom ang bibig.
3. Itingala ang ulo, at maingat na ilapat ang basang tela sa buong mukha.
4. Dahan-dahan itong tanggalin upang manatili ang bakas ng iba't ibang parte ng mukha sa tela.

D

Bukod sa mga kagamitan o bagay mula sa kalikasan, maaari ka ring lumikha ng sarili mong imprenta gamit ang iba't ibang bahagi ng iyong katawan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Iguhit ang hugis ng iyong palad sa pamamagitan ng pagbakas ng kabuoang hugis nito gamit ang lapis at papel. Gawin din ang hakbang na ito sa isa sa iyong mga talampakan. Huwag kalimutang isali ang mga pagitan ng mga daliri ng kamay at paa.



Mapapansin mo na mas madaling iguhit ang anyo ng iyong paa, kamay, o iba pang bagay kung ito ay babakasin, kompara sa pagguhit lamang nito ng direkta o mano-mano.


E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sundin ang mga sumusunod na hakbang sa pag-impenta sa tulong ng iyong magulang o nakakatandang kasama sa bahay.

Mga kailangan: Toyo Platito Papel

Mga Hakbang sa Paggawa:

1. Maglagay ng tatlong kutsarang toyo sa isang platito.
2. Idampi ang hinlalaki sa toyo, at ilapat sa papel.
3. Idampi naman ang hinliliit sa toyo, at maglapat ng tatlong bakas nito sa ibabaw ng bakas ng hinlalato.
4. Gumawa ng tatlong pares nito, na may pataas na direksiyon.



Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

Nakasunod sa pamantayan	5 pts.
Malinis ang nagawang markadong bakas	5 pts.
Kabuoan:	10 pts.

A

Punan ang mga patlang ng wastong salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin. Pumili ng sagot sa kahon at isulat sa sagutang papel.

Maraming _____ sa malikhain at kakaibang paglikha ng sining. Kabilang na rito ang paggamit ng iba't ibang _____ ng katawan, sa tulong ng mga bagay na matatagpuan lamang sa _____. Tandaan na malaki ang naidudulot ng pagkamaparaan at orihinalidad sa pagpapaganda ng isang likhang sining.

paligid

paraan

bahagi


Pagbakat ng mga Bagay

Aralin

I

Nasubukan mo na bang magbakat ng isang bagay sa papel? Ano-ano kaya ang mga sangkap na maaari mong gamitin dito? Saan natin magagamit ang sining na ito?


Sa araling ito, makalilikha ka ng imprenta sa pamamagitan ng pagkuskos ng lapis o pangkulay sa papel na nakapatong sa isang bagay na may ukit o hulma ang yari. Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Alin sa mga bagay na ito ang may ukit o hulma?



Natutuhan mo sa mga nakaraang aralin na ang bawat bagay ay may kani-kaniyang pagkakayari. Ang iba ay patag at makinis, ang iba naman ay may ukit o hulma. Nalaman mo rin na maaaring mapanatili ang mga ukit at hulma ng mga bagay na ito kung lalagyan ng pangkulay at itatatak sa papel.

Mas madaling lumitaw ang mga detalye at kabuuang hitsura ng isang bagay sa imprenta kung ang mga ukit at hulma nito ay malinaw na nakayari.

Pagsunod-sunurin ang mga bunga sa larawan mula sa pinakamakinis hanggang sa pinakamagaspang.



Bukod sa mga bagay na matatagpuan sa kalikasan tulad ng mga prutas, gulay, bato at kahoy, ano-ano naman ang mga bagay na gawa ng tao na may ukit at hulma?

Ano-ano pa ang iba't ibang paraan ng pagbakat? Isipin ang mga halimbawang ito:







Ang isang matigas na bagay ay maaari mong ibakat sa lupa upang mag-iwan ng bakas.

Ang mga bakas ng iyong talampakan sa buhangin ay magiiwan din ng marka.

Ang aso o gulong ng motorsiklo na dumaan sa basang semento ay gagawa rin ng imprenta.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan ng tsek ✓ kung ang bagay o gamit ay may sapat na ukit o hulma upang makalikha ng detalyadong imprenta. Lagyan naman ng ekis ✗ kung hindi. Gawin ito sa sagutang papel.


1. panyo 	2. suklay 	3. katol 
4. papel 	5. tubig 	6. susi 

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sundin ang sumusunod na hakbang upang maibakat sa papel ang hitsura ng isang bagay.

Mga kailangan:

- lapis o pangkulay
- papel
- barya



Mga Hakbang sa Paggawa:

1. Ipatong nang madiin ang papel sa barya hanggang humulma ang hugis bilog.
2. Panatilihin ang puwersa ng iyong daliri sa barya upang hindi ito gumalaw.
3. Banayad na kuskusin ng lapis o krayola ang bahagi ng papel kung saan nakapailalim ang barya.
4. Gawing dalawang direksiyon lamang ang pagkuskos (taas-baba o kaliwa-kanan).

Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

Nakasunod sa pamantayan	5 pts.
Malinis ang nagawang markadong bakas	5 pts.
Kabuonan:	10 pts.

A

Punan ang mga patlang ng wastong salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin. Pumili ng sagot sa kahon at isulat sa sagutang papel.

Mahalaga ang imprenta dahil napapabilis nito ang paggawa ng _____ larawan o hitsura. Mas perpekto ang pagkakatulad ng imprenta sa isang bagay o disenyo, kung ihahambing sa pagguhit na gawang kamay. Sa tulong ng iba't ibang _____ at makinarya, nagamit ang proseso ng imprenta sa paglimbag ng mga libro, paggawa ng pera, o _____ ng mga kagamitan o selyo.

teknolohiya

magkakaparehong

paghulma

Pagbabakas para sa Imprenta

Aralin


WEEKS
5-6

I

Sa mga nakaraang aralin, natutuhan mo ang iba't ibang paraan ng imprenta at pagtatak. Ngayon, matutuklasan mo kung paano pagsasama-samahin ang mga paraang ito.

Sa araling ito, makalilikha ka ng disenyo ng istensil sa papel, plastik, karton, dahon o iba pang bagay, at magagamit ito sa pag-imprenta sa papel, tela, pader, o iba pang patag na bagay.

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Ano ang mga ipinapakita rito?



Maraming posibleng paraan ng pag-imprensa:

Pagtatak ng bagay na may pangkulay

Paggamit ng bahagi ng katawan bilang pantatak

Pagbakat ng bagay sa papel





Pag-istensil

Ang **istensil** ay ang paglikha ng marka o imahe na ginabayan ng isang patag na bagay na may disenyong butas. Ang bahaging lilitaw sa loob ng butas ay lalagyan ng marka, guhit, o pangkulay upang mabuo ang balangkas ng disenyo ng istensil. Ito ay nagsisilbing gabay upang maging perpekto ang imprenta.


Magbalik-aral sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na gawain sa pagkatuto. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



D


Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan ng tsek ✓ kung ang bagay sa larawan ay nakalilikha ng kulay. Lagyan naman ng ekis ✗ kung hindi.

1. tubig	2. kape	3. bigas	4. tinta
			

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Isulat ang **TAMA** kung ang bahagi ng katawan sa larawan ay maaaring gawing pantatak. Isulat naman ang **MALI** kung hindi.




Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Gumuhit ng hugis puso  kung ang bagay sa larawan ay maaaring ibakat sa papel. Gumuhit naman ng hugis bilog  kung hindi.



E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sa tulong ng nakatatandang kasama sa bahay, sundin ang sumusunod na mga hakbang upang gumawa ng modelo ng imprenta.

- Mga kailangan:
- tatlong maliliit na dahon
 - lapis at papel
 - gunting at karton
 - pangkulay (putik, toyo, o kape)



Mga Hakbang sa Paggawa:

1. Ipatong ang mga dahon sa karton at iguhit ang balangkas o *outline* nito.
2. Gupitin ang bakas ng iyong guhit.
3. Ipatong ang bahaging ito ng karton sa papel at bakasin ang butas na hugis gamit ang lapis.
4. Maaaring kulayan ang nakalitaw na bahagi ng papel.

Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

Nakasunod sa pamantayan	5 pts.
Malinis ang nagawang markadong bakas	5 pts.
Kabuoan:	10 pts.

A

Punan ang mga patlang ng wastong salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin. Pumili ng sagot sa kahon at isulat sa sagutang papel.

Ang _____ ay ginagamit sa paggawa ng mga imprentang paulit-ulit. Sa pamamagitan nito, mas mabilis lumikha ng mga _____ o disenyong magkakapareho. Mas malinis at _____ rin ang resulta ng hugis nito kung ihahambing sa pagguhit.

Maaari kang gumawa ng sarili mong modelo bilang gabay sa pag-imprenta. Sa pamamagitan nito, mapauunlad mo ang iyong pagiging _____. Tandaan, ang imprenta ay patuloy na umuunlad at nagbabago sa pagdaan ng _____.

istensil marka tiyak malikhain panahon

Mga Kagamitang Pansining


Aralin

WEEK
7

I

Sa mga nakaraang aralin, natuklasan mo ang iba't ibang paraan at sangkap sa paglikha ng sining. Ano-ano ang mga paborito mong kagamitang pansining? Bakit ito ang iyong napili?

Sa araling ito, maisasalaysay mo ang iyong karanasan sa pagtuklas ng iba't ibang kagamitang pansining. Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Ano-ano kaya ang mga bagay na ginamit sa paglikha ng mga likhang-sining na ito?



kard







manikang papel







estatuwa

Napakaraming bagay ang maaaring gamitin upang lumikha ng sining. Ang mga karaniwang kasangkapan ay ng lapis, papel, pangkulay, gunting, at pandikit.

<p>Lapis – panulat at pangguhit</p> 	<p>Papel – ginuguhitan at nakagagawa ng iba't ibang hugis</p> 
<p>Krayola – nagbibigay ng kulay</p> 	<p>Gunting – panggupit ng papel, karton, o tela</p> 

Narito naman ang ilang halimbawa ng mga bagay na hindi karaniwang ginagamit sa sining, ngunit maaari ring gamitin sa paglikha nito.

<p>Basura – mga bagay na patapon na ngunit maaaring iresiklo</p> 	<p>Bakal – nagpapatibay sa isang iskultura</p> 
<p>Salamin – nagbibigay ng karagdagang hugis, anyo, at kinang</p> 	<p>Apoy – humuhulma ng bakal at salamin sa pamamagitan ng paglusaw</p> 

D


Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Ihanay ang sumusunod na mga kagamitang pansining. Isulat sa kaliwang hanay ang mga karaniwang kagamitang pansining at isulat naman sa kanan ang mga hindi karaniwan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Lapis	Basura	Krayola	Bakal
Salamin	Papel	Apoy	Gunting

Karaniwang kagamitang pansining	Hindi karaniwang kagamitang pansining
---------------------------------	---------------------------------------

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Basahin ang bawat bagay o kasangkapan sa kaliwa. Hanapin sa kanan ang mga paraan nito sa paglikha ng sining. Isulat ang letra ng wastong sagot sa iyong sagutang papel.


1. papel o karton



2. lapis o krayola




3. gunting



4. plastik na bote



5. alambre



A. pantali, pandikit,
pambuo, panghawak

B. lalagyan, katawan ng
produkto, pambuo

C. panggupit, pambutas
panghiwa, pandiin

D. panulat, pangguhit,
pangkulay,
pangmarka

E. maaaring sulatan,
fiklupin, gupitin, o
kusutin

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Bumuo ng isang larawan gamit ang iba't ibang bagay sa iyong paligid at iguhit ito. Tingnan ang halimbawa sa ibaba.

Mga bagay na nagamit
dahon
saging
bato
pinggan



Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

Nakasunod sa pamantayan	5 pts.
Nakabuo ng ilarawan gamit ang iba't ibang bagay	5 pts.
Kabuoan:	10 pts.

A

Punan ang mga patlang ng wastong salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin. Isulat ang sagot sa malinis na papel.

Halos lahat ng bagay ay maaaring gamitin bilang kagamitang pansining. Hindi kinakailangang bumili ng mga bagong _____ upang makabuo ng magandang obra maestra. Ang mahalaga ay ang pagiging malikhain, _____, mapanuri, at may orihinalidad sa paglikha.

Tandaan din na sa paggamit ng mga kagamitang pansining, kinakailangan ang gabay ng mas _____, lalong-lalo na sa paggamit ng mga mapanganib na bagay tulad ng _____ o salamin.

mapamaraan gamit nakakatanda gunting

Nakaranas ka na bang magdiwang ng Buwan ng Sining? Bakit ito idinaraos? Ano-ano ang mga programa o gawaing isinasagawa tuwing buwan ng sining?

Sa araling ito, makikilahok ka sa palatuntunan, programa, o gawaing pampaaralan o pandistrito ukol sa Pambansang Buwan ng Sining. Tingnan ang larawan sa ibaba. Ano-ano ang iyong nakikita? Masaya ba ang mga tao sa larawan?



Ang Pahiyas Festival ay ipinagdiriwang sa bayan ng Lucban, Quezon, tuwing ika-15 ng Mayo. Ito ay dinaraos upang pasalamatan si San Isidro Labrador, ang patron ng mga magsasaka, para sa masaganang ani ng taon. Sa selebrasyon nito, nilalagyan ng mga palamuting prutas, gulay, handicrafts, at kiping, ang mga kabahayan.

Ang Pambansang Buwan ng Sining ay idinaraos upang bigyang halaga, pugay, at pansin ang iba't ibang uri o klase ng sining at tradisyon sa buong Pilipinas. Dito matutunghayan ang mayamang kultura at talento ng mga Pilipino pagdating sa sining. Naipahahayag din ng iba't ibang tao ang kanilang isip at puso tungkol sa iba't ibang paksa.





Noong panahon ng Kastila, kabilang sa kanilang alituntunin na magkaroon ng pista sa bawat lalawigan. Ang pista ng Higantes ang napili ng mga taga-Angono, Rizal, pagkat ito ay patron ng mga mangingisda na siyang pangunahing hanap buhay ng mga Pilipino noon. Naniniwala sila na sa pamamagitan ng pistang ito, dadami ang kanilang mga huling isda.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Gamit ang iyong mga natutuhan sa mga nakaraang aralin, gumawa ng bandila ng Pilipinas gawa sa papel. Ingatan mo ito at gamitin sa parada o programa ng Buwan ng Sining sa inyong paaralan o distrito.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Narito ang iba't ibang halimbawa ng sining pangkultura ng rehiyon CALABARZON. Itanong sa iyong mga kasama sa tahanan kung saang lalawigan kilala ang mga produktong ito (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, o Quezon). Isulat ito sa iyong sagutang papel.

<p>1. Mga produktong gawa sa kawayan</p> 	<p>2. Mga produktong gawa sa punong kahoy</p> 
<p>3. kapeng barako</p> 	<p>4. Higantes, pagpipinta, at musika</p> 
<p>5. kiping, buli, paso, anahaw, at mga produktong gawa sa puno ng niyog</p> 	

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Gumuhit ng isang larawan na may kinalaman o nagpapakita ng pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng Sining. Maari mo itong kulayan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Narito ang rubrik bilang gabay sa iyong gawain

Malinis at maayos na pagkakaguhit	5 pts.
Nagpapakita ng mga likhang-sining	5 pts.
Kabuoan:	10 pts.

A

Punan ang mga patlang ng wastong salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin. Pumili ng sagot sa kahon at isulat sa sagutang papel.

Sa pamamagitan ng pagdaraos ng Buwan ng Sining, umuunlad din ang kamalayan ng bawat _____ ukol sa ating kasaysayan at pagkakakilanlan. Isa itong makulay at masayang selebrasyon na naging tradisyon na sa maraming _____. Dahil dito, yumayabong ang diwa ng kapayapaan at pagkakaisa sa ating _____ at sambayanan.

Filipino

taon

komunidad



Susi sa Pagwawasto

<p>Week 8</p> <p>Gawain 2</p> <p>1. Cavite</p> <p>2. Laguna</p> <p>3. Batangas</p> <p>4. Rizal</p> <p>5. Quezon</p>	<p>Week 7</p> <p>Gawain 2</p> <p>1. E</p> <p>2. D</p> <p>3. C</p> <p>4. B</p> <p>5. A</p>	<p>Week 7</p> <p>Gawain 1</p> <p>Karaniwang kagamitang pansining</p> <ul style="list-style-type: none"> • lapis • krayola • papel • gunting <p>Hindi Karaniwang kagamitang pansining</p> <ul style="list-style-type: none"> • basura • bakal • salamin • apoy 	<p>Weeks 5-6</p> <p>Gawain 3</p> <p>1. </p> <p>2. </p> <p>3. </p> <p>4. </p>
<p>Weeks 5-6</p> <p>Gawain 2</p> <p>1. TAMA</p> <p>2. MALI</p> <p>3. TAMA</p> <p>4. MALI</p>	<p>Weeks 5-6</p> <p>Gawain 1</p> <p>1. </p> <p>2. </p> <p>3. </p> <p>4. </p>	<p>Week 4</p> <p>Gawain 1</p> <p>1. </p> <p>2. </p> <p>3. </p> <p>4. </p> <p>5. </p> <p>6. </p>	<p>Week 2</p> <p>Gawain 3</p> <p>1. B</p> <p>2. B</p> <p>3. A</p> <p>4. B</p>
<p>Week 2</p> <p>Gawain 2</p> <p>1. </p> <p>2. </p> <p>3. </p> <p>4. </p> <p>5. </p> <p>6. </p>	<p>Week 2</p> <p>Gawain 1</p> <p>1. TAMA</p> <p>2. MALI</p> <p>3. TAMA</p> <p>4. MALI</p> <p>5. MALI</p> <p>6. TAMA</p> <p>7. MALI</p> <p>8. TAMA</p>	<p>Week 1</p> <p>Gawain 2</p> <p>1. G</p> <p>2. I</p> <p>3. G</p> <p>4. I</p> <p>5. G</p> <p>6. I</p>	<p>Week 1</p> <p>Gawain 1</p> <p>1. </p> <p>2. </p> <p>3. </p> <p>4. </p> <p>5. </p> <p>6. </p>

Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.




- ☆ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	
Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ☆, ✓, ?.




Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City:

Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.



Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

